

Mga Tagubilin para sa iyong Kolonoskopya (kasama ang TRILYTE & BISACODYL na Preparasyon)

Mangyaring basahin ang mga tagubilin na ito isang linggo bago ang iyong pamamaraan.

Ano ang isang kolonoskopya?

Isang kolonoskopya ay isang pamamaraan na nagpapahintulot sa iyong manggagamot na masuri ang layning ng kolon para sa mga abnormalidad. Isang payat na naibabaluktot na tubo na may maliit na fiber-optic na kamerang pambidyo ay ipinapasok sa butas ng puwit at itinutuloy ng mabagal sa tumbong at kolon.

Anong oras ako darating at gaano katagal aabutin ang pamamaraan?

Mangyaring dumating sa GI Lab 30 minuto bago ang pamamaraan, upang ang pangangalaga, anestesya (kung maikakapit) at ang manggagamot ay masusuri ka at ihanda ka para sa iyong pamamaraan. Iplano na gumugol ng humigit-kumulang 1 ½-2 oras sa GI Lab.

Mangyaring tandaan:

Ang oras ng iyong pamamaraan ay iniskedyul ay ang aming pinakamahusay na pagtataya kung kailan magsisimula ang iyong pamamaraan. Kalagayan ay lilitaw, hal, emerhensiya, na maaaring bumago ng iniskedyul na oras. Gagawin namin ang aming makakaya upang abisuhan ka sa anumang mga pagbabago sa iskedyul.

Mga Lokasyon ng GI Lab

Ospital ng Evanston	2650 Ridge Ave	Silid 1134	Evanston, IL 60201	(847) 570-2236
Ospital ng Glenbrook	2100 Pfingsten Road	1 ^{ng} Palapag	Glenview, IL 60026	(847) 657- 5780
Ospital ng Highland Park	777 Park Ave West	B345	Highland Park, IL 60035	(847) 480-2828
Grupong Medikal ng Highland Park Gastroenterolohiya	1777 Green Bay Road	202	Highland Park, IL 60035	(847) 681-4229
Ospital ng Skokie	9600 Gross Point Road	1 ^{ng} Palapag	Skokie, IL 60076	(847) 933-6565
Mga Specialty Suite ng Vernon Hills	225 N. Milwaukee Ave	1 ^{ng} Palapag	Vernon Hills, IL 60061	(847) 941-7660

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay isang diyabetiko?

Mangyaring tanungin ang iyong manggagamot ng primaryang pangangalaga (MPP) upang tagubilinan ka tungkol sa iyong pag-inom ng mga gamot sa diyabetis bago ang iyong kolonoskopya.

Ano ang dapat na gawin ko kung ako ay umiinom ng pampalabnaw ng dugo o mayroong stent sa puso?

Kung mayroon kang stent sa puso O umiinom ka ng gamot tulad ng Coumadin, Plavix, Ticlid, Lovenox, Pradaxa, Xarelto o anumang ibang pampalabnaw ng dugo, mangyaring kontakin ang iyong nagreresetang manggagamot upang matiyak kung dapat mong ihinto ang gamot na ito bago ang pamamaraan.

Abisuhan ang aming opisina kung ikaw ay pinayuhan na hindi huminto sa isa o higit pa sa mga gamot na ito. AYOS lamang na ipagpatuloy ang aspirin o ibang NSAIDs (Advil, Aleve, Ibuprofen, atbp) bago ang iyong pamamaraan.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay mayroong dispibrilador o pacemaker sa puso?

Mangyaring ipatsek ang iyong pacemaker sa loob ng 6 buwan bago ang iyong GI na pamamaraan. Kung iyong Kardiyologo ay hindi bahagi ng sistema ng Northshore, mangyaring magdala ng isang kopya ng ulat sa iyo tungo sa pamamaraan para sa GI na manggagamot. Ang pagtsek sa pacemaker ay kinakailangan para sa Koponan ng GI ng Northshore upang makapagbigay ng pinakaligtas na pangangalagang posible.

Kung ikaw ay mayroong dispibrilador o pacemaker, mangyaring kontakin ang GI Lab bago ang iyong iniskedyul na pamamaraan.

Glenbrook	(847) 657-5780	HP Medical Group	(847) 681-4229
Evanston	(847) 570-2236	Skokie	(847) 933-6565
Highland Park	(847) 480-2828	Vernon Hills	(847) 941-7660

❖ Pitong araw bago ang pamamaraan

- Kunin ang iyong reseta (TriLyte at 4 tableta ng Bisacodyl) mula sa parmasya.
- Huwag ipagpatuloy ang mga pildoras ng bakal, Pepto Bismol at mga suplementong herbal.
- Kung posible, huwag kumain ng mga buto, mani o mais isang linggo bago ang pamamaraan.
- Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa pagkahilo may kaugnayan sa pag-inom ng malaking dami ng likido para sa paghahanda ng bituka, tawagan ang aming opisina (847) 657 1900 upang humiling ng isang reseta para sa isang laban-sa-pagkahilo na gamot.
- Pumunta ng nakalinya sa <http://www.my-emmi.com/enhqi> upang manood ng maikling pang-impormasyon na programa tungkol sa kolonoskopya.
- Itsek sa iyong kompanya ng seguro upang malaman kung kailangan mong maging sertipikado bago ang pamamaraan o kung kailangan mong kumuha ng reperal mula sa iyong manggagamot ng primaryang pangangalaga.

❖ Sa Araw Bago ng Iyong Pamamaraan:

- Ihanda ang preparasyon ng TriLyte ayon sa mga tagubilin at tiyakin na palamigin ito para gamitin sa gabing iyan.
- Tatalima ka sa isang malinaw na likido na dieta sa buong araw. Walang pula o lilang mga likido. Itong mga aytem lamang ang pinapayagan:

Mga sopas:	Malinaw na bouillon, sabaw o consommé.
Mga Inumin:	Tsaa, kape, inalisan ng caffeine na tsaa/kape, Kool-Aid, Gatorade, malinaw na karbonadong mga inumin tulad ng 7UP, Sprite o salabat. HUWAG maglagay ng gatas

	o kremang produkto sa iyong tsaa o kape.
Mga Juice:	Mansanas, puting ubas na juice, sinalang limonada, limeada, inuming kahel, Crystal Light. Anumang juice na maaari mong tingnan at walang sapal ay pinapayagan.
Panghimagas:	Tubig na mga yelo, Italyanong yelo, mga popsicle, JELL-O, matigas na kendi.

- **Sa 12:00 NH**, simulan ang iyong preparasyon sa pag-inom ng 2 tableta ng Bisacodyl na may tubig. Huwag durugin o nguyain ang mga tableta. Huwag uminom ng mga tableta ng Bisacodyl sa loob ng isang oras ng pag-inom ng antacid.
- **Sa 2:00 NH**, inumin ang 2 tableta ng Bisacodyl na may tubig. Huwag durugin o nguyain ang mga tableta.
- **Sa 5:00 NH**, simulang inumin ang solusyong TriLyte sa susunod na dalawang oras gaya ng itinagubilin. Uminom ng 8 onsa bawat 10-20 minuto para sa kabuuan ng walong 8 onsa ng mga baso (2 litro, o 1/2 ng lalagyan). Mga lalagyan ay maaari o di maaaring magkaroon ng mga marking sa 1, 2 at 3 mga litro sa tagiliran ng lalagyan ng TriLyte.

Itabi ang Natitirang 2 Litro ng Solusyong TriLyte para Gamitin sa NU

- Kung pag-inom ng mabilis ay nagdudulot ng sakit sa tiyan maaari mong inumin ang likido ng mas mabagal, ngunit dapat planuhin na tapusin ang pag-inom ng solusyon. Pag-inom ng may estro ay maaaring tumulong sa panlasa. Subukang sumimsim ng isang patak ng limon sa pagitan ng mga pag-inom. **Kung hindi mo maaaring makompleto ang prep o magsuka, mangyaring tawagan ang aming opisina sa (847) 657-1900 upang makipag-usap sa isa sa aming mga doktor.**

Ano ang dapat kong asahan pagkatapos na simulan ang preparasyon ng bituka?

Ikaw ay magsisimula na magkaroon ng maramihang matubig na mga pagdumi. Sa simula, maaaring makaramdam ka na bahagyang panlolobo ngunit magiging mas komportable sa pagpapatuloy mo na dumumi. Pagtatae ay maaaring magpatuloy pagkatapos na matapos mong mainom ang solusyon.

❖ **Sa Araw ng Pamamaraan:**

- **Dapat wala kang kakainin o iinumin pagkatapos ng hatinggabi maliban sa umagang dosis ng TriLyte.**
- Tatlong oras bago ang iyong oras ng tipanan (5NU para sa isang 8NU na pamamaraan, 6NU para sa 9NU na pamamaraan, atbp), uminom ng apat na karagdagang 8-onsang mga baso ng TriLyte (isang litro).
- Kung iyong tae ay hindi pa malinaw/dilaw pagkatapos makompleto ang 4 baso (isang litro) ng TriLyte, o kung mayroon kang materyal na tae o solidong mga katiting, inumin ang natitira ng preparasyon (karagdagang isang litro para sa kabuuan ng apat na litro). Kompletihin ito ng isang oras.
- Walang TriLyte sa panahon ng dalawang oras bago ang iyong pamamaraan. Kung ikaw ay nag-aalala na sa pag-inom ng 1-2 litro ng likido isang oras ay makakasira ng iyong tiyan, simulan ng mas maaga kaysa tatlong oras bago ang oras ng iyong pamamaraan dahil hindi ka makakainom ng anumang preparasyon ng bituka sa dalawang oras bago ang iyong iniskedyul na pamamaraan.

Pagkompleto sa NU na TriLyte na preparasyon ay kailangan upang matiyak ang isang ganap na malinis na kolon.

- **Dapat ba akong uminom ng mga gamot sa umaga ng pamamaraan?** Kung umiinom ka ng gamot sa puso o presyon ng dugo, dapat mong inumin sa umaga ng pamamaraan na may maliit na higop ng tubig. Ibang mga gamot ay maaaring inumin pagkatapos ng pamamaraan malibang sa ibang pagkakataon ay itinagubilin ng iyong doktor.

Espesyal na mga Tagubilin:

1. **Esensiyal** na isang tao ang maaaring samahan ka pauwi ng bahay ng nasa oras pagkatapos ng iyong pamamaraan; ito ay karaniwang 2-3 oras pagkatapos ng oras ng pagsisimula ng iyong pamamaraan. Kung plano mong sumakay ng pampublikong transportasyon, kailangan mong gumawa ng kaayusan na isang adulto ang sumama sa iyo.
2. Pampakalma ay ginagamit sa panahon ng pamamaraan at magiging di-ligtas para sa iyo na magmaneho o magpatakbo ng anumang makinarya sa natitirang oras ng araw.
3. Hindi ka maaaring bumalik sa pagtatrabaho sa araw ng pamamaraan.
4. Hindi ka dapat gumawa ng anumang importanteng mga desisyon sa natitirang oras ng araw.
5. Kung kailangan mong kumausap sa isang nars, o kanselahin ang isang pamamaraan, mangyaring kontakin ang aming Pangunahing Opisina sa (847) 657-1900. Kung dapat mong kanselahin ang iyong pamamaraan, mangyaring abisuhan ang aming opisina ng hindi bababa sa isang linggo bago ang iyong iniskedyul na petsa ng pamamaraan.



Seguro sa Kolonoskopya Saklaw na Impormasyon na Dapat Mong Malaman

Ikaw ay nakaiskedyul para sa isang kolonoskopya, isang pagsusuri ng kolon (malaking bituka) gamit ang nailawang naibabaluktot na scope. Sa panahon ng kolonoskopya, kung anumang abnormalidad ang makita, ito ay karaniwang binabiyopsiya sa oras na iyan. Isang biyopsiya ay kaakibat ng pag-alis ng bahagi o lahat ng abnormal na erya para sa pagpoproseso at kasunod na pagsusuri sa ilalim ng isang microscope.

Itinuturing ng mga kompanya ng seguro ang kolonoskopya sa iba't-ibang paraan depende sa planong benepisyo ng iyong kompanya. Mangyaring maging malay na kung ang iyong kolonoskopya ay naiskedyul para sa "pagsasala" (nangangahulugan na wala kang mga sintomas sa iyong mga bituka) at iyong doktor ay nakahanap ng polyp o tisyu na kailangang alisin sa panahon ng pamamaraan, ang kolonoskopyang ito ay hindi na ituturing na isang pamamaraan ng pagsasala. Iyong mga benepisyo sa seguro ay maaaring magbago at iyong polisiya sa seguro ay maaaring magbayad ng iba.

Mangyaring tandaan:

Itsek sa iyong tagadala ng seguro upang maberipika kung kailangan mo ng antimanong pagsang-ayon o antimanong sertipikasyon at na naiintindihan mo ang iyong pinansiyal na responsibilidad para sa pamamaraan bago simulan ang preparasyon sa paglilinis ng iyong kolon.

Dapat mayroong isang numero upang tawagan sa likod ng iyong tarheta ng seguro.

**** Mangyaring tandaan na ang iyong pamamaraan ay maaaring ituring na pag-opera ng iyong tagadala ng seguro at mga maiaawas at kasamang-bayad ay maaaring ikapit. Mangyaring kontakin ang iyong tagadala ng seguro para sa karagdagang impormasyon may kinalaman sa iyong saklaw.**

Para sa detalyadong impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng NorthShore.Org sa:

<http://www.northshore.org/gastroenterology/>

Dibisyon ng Gastroenterolohiya

Medikal na Grupo

Pangkalusugang Sistema ng NorthShore University